Asian Community Center 21 ACC21

【Report on Tohoku Volunteer Program 2012】

Mother Tongue

Name: Esperanza Abe

【In your mother tongue】

1. What impression did you have on Tohoku after 1.5 year of disaster?

Ang alaala ng tsunami ay makikita pa rin sa kapaligiran pero sa pakiramdam ko nagbalik na sa normal ang buhay ng mga tao. Hindi pa talaga naghihilom ang mga tao dahil sa trahedyang kanilang naranasan subalit tuloy pa rin ang buhay na may kasamang pag-asa.

2. Please describe your experiences and tell us your reflection of them (for example, the work which you were engaged in, people's conditions you observed, the stories you heard from them, and any other interesting experiences you would like to share with readers of this report).

Nadestino ako sa Otsuchi sa Iwate-ken. Nagkaroon ako ng pagkakataong mapanood ang video tungkol sa mga mag-aaral ng Junior High School na naghahanda para sa kanilang entrance exams. Habang pinanonod ko iyon, naramdaman ko ang punla ng pag-asa ay buhay sa mga kabataang ito ng Otsuchi. Sapagkat sa kabila ng malagim na trahedya ng kanilang dinanas ay nagsikap sila sa abot ng kanilang makakaya na maipasa ang kanilang exam. Sa tulong ng mga staff ng Katariba, ginawa nilang possible para sa mga mag-aaral na ito na patuloy na pangarap kahit maraming nawala sa kanilang mga buhay. At buhay ang kanilang mga pangarap! Gusto nilang maging kakaiba sa darating na panahon. At para sa akin ito ay malaking pag-asa para sa Otsuchi. Nagtatanong ang mga kabataang ito sa mga nakatatanda kung ano ang maaari nilang gawin kahit sa maliit na paraan lamang para sa kanilang komunidad. Ito ay simbolo ng pag-asa na gusto ulit nilang maitayo ang kanilang komunidad.

3. What did you learn from Tohoku and what would you like to suggest to your country people in case of natural disasters that might happen in your country?

Ang disaster drill ay nakatatak na sa katauhan ng mga taga-Japan. Sa panahon ng sakuna, alam na ng mga Hapon sa kanilang mga puso kung ano ang kanilang gagawin sa totoong sitwasyon. Ang mga tao ay hindi dinadagdagan ng gulo ang magulong sitwasyon kahit na walang opisyal na gobyerno na nagbibigay ng utos. Sana kaming mga Pilipino rin ay matutunang magkaroon ng regular na disaster drill simula sa pagkabata at maisapuso ang pagsasanay ng ito.

4. Your message to your country people

Ang pagkawasak ng Tohoku dahil sa lindol at tsunami ay higit pa sa ating imahinasyon ngunit ang mga Hapon ay napatunayan sa mundo kung paano ang kanilang kahandaan sa kalamidad ay nakatulong sa kanila upang pagtagumpayan ang di makakalimutang trahedyang ito.